



PETSA

Mahalagang Balita Tungkol sa Iyong Medi-Cal: Tiyaking Napapanahon ang Iyong Impormasyon!

Minamahal Naming Miyembro ng Medi-Cal,

Ina-update ng mga county ang kanilang mga record para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na nag-ulat ng pagbabago, tulad ng mas mataas na kita, bagong trabaho, o pagbubuntis. Kung ikaw o isang tao sa iyong sambahayan ay nakatanggap ng sulat mula sa iyong county na humihingi ng impormasyon tungkol sa pagsaklaw sa iyo ng Medi-Cal, mangyaring ibigay ang impormasyong hinihiling.

Patuloy kang magkakaroon ng pagsaklaw ng Medi-Cal sa panahon ng public health emergency (PHE) dahil sa COVID-19, kahit hindi ka na kwalipikado. Sa sandaling matapos ang COVID-19 PHE, titingnan ng county kung kwalipikado ka pa rin para sa libre o murang Medi-Cal.

Tiyaking mayroon kami ng iyong pinakakasalukuyang impormasyon

Ang pagsasagawa ng mga hakbang sa ibaba ay maaaring makatulong sa iyong mapanatili ang pagsaklaw sa iyo ng Medi-Cal kapag natapos ang COVID-19 PHE:

- **I-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnay** kung ang sulat na ito'y ipinadala sa iyo dahil nagbago ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnay, kasama ang iyong address, numero ng telepono, at email. Kailangan ng county ang impormasyong ito upang maparating sa iyo ang mahalagang impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng iyong Medi-Cal.
- **I-ulat ang mga pagbabago** sa iyong sambahayan sa tanggapan ng iyong lokal na county. Kasama rito ang kung nabuntis ang isa sa inyo, may umalis o lumipat sa iyong bahay, nagbago ang kita, o anumang iba pa na maaaring makaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal. Maaari mong i-ulat ang mga pagbabago sa pamamagitan ng:
 - Pagtawag sa iyong county sa numero na nasa nakalakip na listahan.
 - Pag-log in sa iyong account sa CoveredCA.com, MyBenefitsCALWIN.org, o sa BenefitsCal.org.
 - Pagpapadala ng sulat sa iyong county (tingnan ang nakalakip na listahan).
 - Pagbisita sa tanggapan ng iyong county nang personal.

- **Sagutan ang lahat ng kahilingan para sa impormasyon** kung makakuha ka ng sulat mula sa iyong county.

Hindi mo kailangang sumagot sa sulat na ito

Ang sulat na ito ay para ipaalam sa iyo kung bakit mahalaga na tiyaking na-papanahon ang iyong personal na impormasyon, at na i-ulat sa iyong county ang anu-mang mga pagbabago. Hindi ito Abiso ng Pagkilos. Makakakuha ka ng Abiso ng Pagkilos bago may anumang gawin sa iyong Medi-Cal. Ipapaliwanag din nito ang iyong mga karapatang umapela.

May mga Tanong?

Kung may mga tanong ka o kailangan mo ng tulong, basahin ang nakalakip na Madalas Itanong o tawagan ang tanggapan ng iyong lokal na county sa numerong nasa nakalakip na listahan o online sa <http://dhcs.ca.gov/COL>.

Kung kailangan mo ng tulong sa isang wika maliban sa Ingles, tingnan ang nakalakip na listahan ng mga numero ng telepono para sa libreng serbisyo na tulong sa wika. Kasama rito ang interpreter para tulungan kang basahin ang sulat na ito.

Maraming salamat,

Department of Health Care Services
Estado ng California



Mga Madalas Itanong o Frequently Asked Questions (FAQs) Tungkol sa Medi-Cal at COVID-19

1. Magtatapos ba ang aking Medi-Cal sa panahon ng COVID-19 public health emergency (PHE)?

Idineklara ng pederal na pamahalaan ang isang PHE noong 2020 dahil sa COVID-19. Para sa karamihang miyembro ng Medi-Cal, hindi magtatapos ang kanilang Medi-Cal sa panahon ng PHE. Para sa mga pagbubukod, basahin ang Ika-2 Tanong sa ibaba.

2. Kailan ako maaaring mawalan ng Medi-Cal sa panahon ng PHE?

Hindi mawawala ang pagsaklaw sa karamihan sa mga miyembro sa panahon ng PHE. Gayunpaman, mayroong mga hindi kabilang dito. Maaaring magtapos ang pagsaklaw ng Medi-Cal kung ika'y:

- Namatay
- Lumipat ng ibang estado
- Nagsabi sa iyong Medi-Cal worker na hindi mo na nais magkaroon ng Medi-Cal
- Mayroong Medi-Cal dahil sa isang pagkakamaling administratibo o panloloko

Kung natapos ang iyong Medi-Cal para sa anumang iba pang dahilan, tawagan ang iyong county upang tanungin kung nagkamali sa pagtatapos nito.

3. Ano ang dapat kong gawin sa pakete para sa pag-renew ng Medi-Cal na natanggap ko sa koreo?

Kumpletuhin ang form sa pag-renew, tipunin ang hinihiling na impormasyon, at ipadala ang pakete para sa pag-renew pabalik sa county. Mananatili kang kwalipikado para sa pagsaklaw ng Medi-Cal hanggang matapos ang PHE, kahit na takdang petsa na ng pag-renew mo o nag-ulat ka ng mga pagbabago sa iyong impormasyong personal o nauugnay sa sambahayan.

4. Anong mga pagbabago ang kailangan kong i-ulat sa aking county?

I-ulat ang anumang mga pagbabago, kasama ang, ngunit hindi limitado sa:

- Impormasyon sa pakikipag-ugnay (address, numero ng telepono, email address, atbp.)
- Kita
- Sino ang kasama mo sa bahay
- Mga taong inihayag mo bilang mga tax dependent

5. Paano ko i-uulat ang mga pagbabago sa aking county?

Maaari mong i-ulat ang mga pagbabago nang personal, sa pamamagitan ng koreo, telepono, o online. Maaari mong makita ang numero ng tanggapan ng iyong lokal na county sa nakalakip na listahan o online sa <http://dhcs.ca.gov/COL>.

Kung nag-ulat ka ng mga pagbabago sa pamamagitan ng telepono, tutulongan ka ng iyong county na kumpletuhin ang form para sa pag-renew at pipirmahan sa pamamagitan ng telepono ang anuman na nangangailangan ng pirma.

Kung wala ka ng kinakailangang patunay ng pagbabago, maaari kang magbigay sa county ng pahayag sa pamamagitan ng telepono o nang nakasulat.

6. Paano maapektuhan ng aking mga stimulus payment, kaloob para sa COVID-19, at recovery rebate ang aking Medi-Cal?

Ang mga bayad na natanggap mo sa panahon ng PHE ay hindi makakaapekto sa iyong pagiging kwalipikado sa Medi-Cal. Ngunit maaaring maapektuhan ang iyong Medi-Cal kung nakatipid ka nang higit sa \$2,000 para sa isang tao o \$3,000 para sa mag-asawa ng mga bayad na ito pagkatapos ng PHE. Tanungin ang iyong county kung maaaring maapektuhan ang iyong pagiging kwalipikado sa Medi-Cal.

7. Paano maapektuhan ng aking mga benepisyo sa kawalan ng trabaho ang aking pagiging kwalipikado sa Medi-Cal?

I-ulat ang lahat ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho na natanggap mo sa iyong lokal na tanggapan ng county. I-ulat din kung nagtapos na ang iyong mga benepisyo sa kawalan ng trabaho o malapit nang magtapos. Hindi ibinibilang na kita ang ilang benepisyo sa kawalan ng trabaho dahil sa pandemya, kaya

siguruhing banggitin sa iyong county worker kung anong mga benepisyo sa kawalan ng trabaho ang nakukuha/nakuha mo.

8. Ano ang aking mga karapatan sa pag-apela kung hindi ako sumang-ayon sa isang pagkilos ng county tungkol sa pagsaklaw sa akin ng Medi-Cal?

May karapatan kang humiling ng patas na pagdinig tungkol sa pagsaklaw sa iyo ng Medi-Cal. Sa panahon ng PHE, may 210 araw ka mula sa petsa na natanggap mo ang Abiso ng Pagkilos ng county para humiling ng pagdinig.

Magkakaroon ka pa rin ng Medi-Cal sa panahon ng iyong apela. Kahit na madesisyunan sa pagdinig na dapat nang magtapos ang iyong Medi-Cal, mapapanatili mo ang iyong mga benepisyo hanggang sa matapos ang PHE.

Para humiling ng pagdinig, sagutan ang form na "Humiling ng Pagdinig ng Estado (Request for State Hearing)" na nasa likod ng Abiso ng Pagkilos. Tiyaking ibigay ang lahat ng hinihiling na impormasyon, kasama ang iyong buong pangalan, address, numero ng telepono, pangalan ng county na nagsagawa ng pagkilos laban sa iyo, ang mga pinag-uusapang programa ng tulong, at ang dahilan kung bakit ka humihiling ng pagdinig.

Kung hindi ka nakakaintindi ng Ingles, pakisabi sa amin ang ninanais mong wika. Mayroong tulong sa wika para sa iyo sa pagdinig. Kung mayroon kang awtorisadong kinatawan, sabihin sa amin ang kanilang pangalan at address para maibahagi namin ang mahalagang impormasyon tungkol sa iyong kaso sa kanila. Maaari ka ring magpadala sa amin ng sulat upang sabihin sa amin kung bakit sa tingin mo mali ang desisyon ng county. Magtabi ng kopya ng iyong kahilingan sa pagdinig.

Maaari mong ipadala ang iyong kahilingan sa pagdinig sa isa sa limang paraang ito:

1. **Ipadala** ito sa pamamagitan ng koreo sa county welfare department sa address na nakasaad sa Abiso ng Pagkilos
2. O **Ipadala** ito sa:
California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 21-37
Sacramento, California 94244-2430
3. **I-fax ito** sa State Hearings Division sa **(833) 281-0905**

4. **Isumite ito online** sa page ng paghiling ng pagdinig ng California Department of Social Services (DSS):
<https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do>
5. **Tawagan** ang toll-free na linya ng DSS Public Inquiry and Response sa **(800) 743-8525** / (TDD: (800) 952-8349)

Upang malaman ang higit pa tungkol sa mga patas na pagdinig ng Medi-Cal, maaari ka ring pumunta sa: <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/Medi-CalFairHearing.aspx>.

9. Kailangan ko bang tumawag sa tanggapan ng Medi-Cal sa aking lokal na county upang tiyaking mapanatili ko ang aking Medi-Cal sa panahon ng PHE?

Hindi. Makikipag-ugnay sa iyo ang county kung magbago ang iyong pagiging kwalipikado sa Medi-Cal o pagsaklaw nito. Kapag nagtapos ang pagsaklaw sa iyo ng Medi-Cal, at hindi mo iyon ginusto, tawagan ang iyong county. Tiyakin din na tawagan ang iyong county upang i-ulat ang mga pagbabago na maaaring makaapekto sa pagiging kwalipikado mo sa Medi-Cal, tulad ng impormasyon sa iyong kontrata o kung lumipat ka sa ibang county. Makakatulong ito para tiyakin na mananatiling aktibo ang pagsaklaw sa iyo at na makukuha mo ang impormasyong ipapadala namin sa iyo tungkol sa pagsaklaw sa iyo ng Medi-Cal.

Ang ilang tanggapan sa county ng Medi-Cal ay maaaring sarado para sa mga serbisyong ginagawa sa personal. Maaari ka pa ring makikipag-ugnay sa kanila sa pamamagitan ng telepono, koreo, email, o online. Ang numero ng lokal na tanggapan ng iyong county ay maaaring makita sa nakalakip na listahan o online sa <http://dhcs.ca.gov/COL>. O tumawag sa Medi-Cal Member Helpline sa **(800) 541-5555** (TTY (800) 430-7077). Kung nasa labas ka ng California, tumawag sa (916) 636-1980.

10. Maaari bang magbago ang aking Medi-Cal sa panahon ng PHE?

Oo. Maaari kang magkwalipika para sa programa ng Medi-Cal na may mas mahusay na pagsaklaw. Maaari ka ring magkwalipika para sa isang programa na mas angkop sa iyong mga pangangailangan para hindi mawala ang pagsaklaw sa iyo kapag nagtapos ang PHE.

11. Maaari bang tumaas ang aking share of cost (SOC) o premium (buwanang halaga) sa panahon ng PHE?

Hindi. Ang iyong share of cost o premium ay hindi dapat tumaas sa panahon ng PHE. Kung tumaas ang iyong share of cost premium o kung inilipat ka sa isang programa na may premium, tawagan ang iyong county.

12. Paano kung hindi ako makabayad ng aking premium sa Medi-Cal?

Kung hindi mo mabayaran ang iyong premium sa Medi-Cal sa panahon ng PHE, maaari mong tawagan ang county para mapa-waive (ma-dismiss) ang iyong premium. **Hindi** mo na kakailanganing bayaran pabalik ang anumang mga na-waive na premium.

Maaari ka ring humingi ng mga credit para sa mga premium na binayaran mo sa panahon ng PHE. Kung lilisan ka sa isang Medi-Cal premium program, maaari kang humingi ng refund ng mga premium na binayaran mo.

Sabihin sa county kung bumaba ang iyong kita. Maaari kang magkwalipika para sa libreng Medi-Cal.

Para sa mga tanong tungkol sa mga premium, tawagan ang **mga numero ng telepono ng programa ng Medi-Cal** sa ibaba:

- Mga bata at programa para sa pagbubuntis: **(800) 880-5305**
- Medi-Cal Access Program: **(800) 433-2611**
- County Children's Health Initiative: **(833) 912-2447**

Ang lahat ng call center ay bukas Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 7 p.m., at Sabado, 8 a.m. hanggang 12 p.m. Ang lahat ay may TTY/TTD at mga serbisyo sa wika.

Para sa 250 Percent Working Disabled Program, may tatlong paraan para humingi ng pag-waive ng premium:

- Tumawag sa **(916) 445-9891**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 12 p.m. at 1 p.m. hanggang 5 p.m. Makakahingi ka ng tulong sa iba pang mga wika.
- I-fax ang iyong kahilingan sa **(916) 440-5676**
- Sagutan ang online inquiry form sa <http://dhcs.ca.gov/wdp>

13. Kung mayroon akong mga sintomas ng COVID-19, magkano ang halaga para magpa-test? Kung positibo ako sa COVID-19, magkano ang magiging halaga ng paggamot?

Libre sa Medi-Cal ang mga medikal na kinakailangang pagpapa-test, mga serbisyong nauugnay sa pagpapa-test, at paggamot ng COVID-19. Kung kailangan mong ma-screen, ma-test, o magamot sa COVID-19, saklaw ang ma serbisyo para sa emergency room, agarang pangangalaga, at mga pagbisita sa tanggapan ng tagapagkaloob ng pangangalaga.

14. Nasa restricted scope Medi-Cal ako at/o ang aking katayuan sa imigrasyon ay hindi naberipika. Makakakuha ba ako ng mga serbisyo ng Medi-Cal na nauugnay sa COVID-19?

Oo. Ang lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal ay makakakuha ng pagpapa-test, mga serbisyong nauugnay sa pagpapa-test, at paggamot sa COVID-19 sa panahon ng PHE. Ang lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal ay maaaring makakuha ng medikal na kinakailangang serbisyo para sa COVID-19 kung full-scope o restricted scope Medi-Cal man sila. (Ang restricted scope Medi-Cal ay para sa pagbubuntis o nauugnay sa pagbubuntis at mga serbisyong pang-emerhensya lang). Maaari kang makakuha ng mga serbisyong nauugnay sa COVID-19 sa parehong Medi-Cal managed care at fee-for-service Medi-Cal, anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon.

Nakasaad sa mga serbisyo ng pederal na imigrasyon na hindi ibinibilang ang pagpapa-test at paggamot sa COVID-19 sa kanilang “public charge”. Ang higit na impormasyon tungkol sa “public charge” ay makikita sa website ng U.S. Citizenship and Immigration Services (<https://www.uscis.gov/green-card/green-card-processes-and-procedures/public-charge>).

Upang malaman ang higit pa tungkol sa public charge, maaari mo ring tingnan ang Gabay sa Public Charge ng California Health and Human Services Agency (<https://www.chhs.ca.gov/blog/2021/03/15/alert-important-change-to-public-charge-rule/>).

15. Sinong mga indibidwal ang saklaw para makakuha ng bakuna?

Ang lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal, kasama iyong mga may limited o restricted scope Medi-Cal, ay masasaklaw at makakatanggap ng bakuna nang walang babayaran.

16. Kailangan bang magbayad ng mga indibidwal para sa bakuna?

Hindi. Ang bakuna ay binibili ng pederal na pamahalaan at ibibigay sa sinumang nangangailangan nito (mayroon o walang Medi-Cal) nang libre. Hindi mahalaga ang katayuan sa imigrasyon.

17. Saan makukuha ng mga indibidwal ang bakuna?

Sa mga parmasya, retail clinic, tagapagkaloob (kasama iyong mga naka-enroll sa mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga), at anumang iba pang lugar ng pangangalaga na nakakatanggap at nagbibigay ng mga pagbabakuna laban sa COVID-19.

Makikita ang karagdagang impormasyon sa website ng California Department of Public Health (CDPH):

<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/COVID-19Vaccine.aspx>

Ang website na “My Turn” ay magagamit para mag-iskedyul ng mga appointment. Makikita ang karagdagang impormasyon sa: <https://myturn.ca.gov/>.

18. Saan ko malalaman ang higit pa tungkol sa bakuna laban sa COVID-19?

Higit sa kalahati ng mga taga-California na edad 12+ ay nakatanggap na ng kahit isang dosis ng bakuna laban sa COVID-19. Ang bakuna ay ligtas, epektibo, at libre. Alamin ang higit pa tungkol sa kung paano ka makakatulong na matapos ang pandemyang COVID-19:

- Mga Madalas Itanong tungkol sa Bakuna sa DHCS
 - <https://www.dhcs.ca.gov/Documents/COVID-19/COVID-19-Vaccine-Beneficiary-FAQ.pdf>
- Mga Popular na Paksa tungkol sa Pagbabakuna – California Department of Public Health
 - <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/ncov2019.aspx>
- Pagpapabakuna – Centers for Disease Control and Prevention



Tinitiyak ng DHCS na Patuloy na Matugunan ng Medi-Cal ang mga Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Panahon ng Emerhensyang Dulot ng COVID-19



- <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/your-vaccination.html>
- Mga parmasya para sa paggawa ng appointment
 - <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/FedRetailPharmProgVacAppt.aspx>

Para sa higit na impormasyon tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 o para mag-iskedyul ng appointment, pumunta sa website ng My Turn sa www.myturn.ca.gov

O

Tawagan ang CDPH COVID-19 Hotline sa **(833) 422-4255**. Bukas ito nang Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., at Sabado at Linggo, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

County Social Services Agencies

If the information on this list has changed, you may verify the information in the phone directory under the county government listings.

A - L Counties

Alameda County (01)

(510) 383-8523
(888) 999-4772

Alpine County (02)

(530) 694-2235 Ext. 231

Amador County (03)

(209) 223-6550

Butte County (04)

(530) 538-7711
(877) 410-8803

Calaveras County (05)

(209) 754-6448

Colusa County (06)

(530) 458-0250

Contra Costa County (07)

Currently Enrolled
(866) 663-3225

New Application
(800) 709-8348

Del Norte County (08)

(707) 464-3191

El Dorado County (09)

(530) 642-7300

Fresno County (10)

Automated Assistance
(559) 600-1377

Call Center
(855) 832-8082

Glenn County (11)

(530) 934-6514

Humboldt County (12)

(877) 410-8809

Imperial County (13)

(760) 337-6800

Inyo County (14)

(760) 872-1394

Kern County (15)

Currently Enrolled
(877) 410-8812

New Application
(661) 631-6807

Kings County (16)

(877) 410-8813

Lake County (17)

(707) 995-4200

Lassen County (18)

(530) 251-8152

Los Angeles County (19)

Customer Service Center
(866) 613-3777

(877) 597-4777

M - O Counties

Madera County (20)

(559) 675-2300

Marin County (21)

(415) 473-3400

Mariposa County (22)

(209) 966-2000
(800) 549-6741

Mendocino County (23)

Fort Bragg Office
(707) 962-1000

Toll-Free in Mendocino
(877) 327-1677

Mendocino County (23)

(continued)

Ukiah Office
(707) 463-7700

Toll-Free in Mendocino
(877) 327-1711

Merced County (24)

(209) 385-3000

Modoc County (25)

(530) 233-6501

Mono County (26)

North County Office
(760) 932-5600

South County Office
(760) 924-1770

Monterey County (27)

(866) 323-1953

Napa County (28)

(800) 464-4214
(707) 253-4511

Nevada County (29)

(888) 809-1340
(530) 265-1340

Orange County (30)

Automated Assistance
(949) 389-8456

(714) 541-4895
Currently Enrolled

(800) 281-9799

New Application
(855) 478-5386

P - R Counties**Placer County
Human Services (31)**

(888) 385-5160
From outside of the County
(916) 784-6000

Plumas County (32)

(530) 283-6350

Riverside County (33)

Call Center – Customer Service
(800) 274-2050

S Counties**Sacramento County (34)**

(916) 874-3100
(209) 744-0499

San Benito County (35)

(831) 636-4180

San Bernardino County (36)

(877) 410-8829

San Diego County (37)

(866) 262-9881

**San Francisco
City and County (38)**

(415) 558-4700
(855) 355-5757

San Joaquin County (39)

(209) 468-1000

San Luis Obispo County (40)

(805) 781-1600

San Mateo County (41)

(800) 223-8383

Santa Barbara County (42)

Access Cal Win:
(866) 404-4007

Santa Clara County (43)

Benefits Assistance Center
(408) 758-3800
(408) 758-4600
Automated Assistance
(877) 962-3633

Santa Cruz County (44)

Benefit Call Center
(888) 421-8080

Shasta County (45)

(877) 652-0731

Sierra County (46)

Loyalton
(530) 993-6721

Downieville

(530) 289-3711

Siskiyou County (47)

(530) 841-2700

Solano County (48)

Benefit Action Center
(800) 400-6001

Fairfield

(707) 784-8050

Vacaville

(707) 469-4500

Vallejo

(707) 553-5000

Sonoma County (49)

(877) 699-6868

Stanislaus County (50)

(877) 652-0734

Sutter County (51)

(877) 652-0735

T - Y Counties**Tehama County (52)**

(530) 527-1911

Trinity County (53)

(800) 851-5658
(530) 623-1265

Tulare County (54)

(800) 540-6880

Tuolumne County (55)

(209) 533-5711

For Mailed Application

(209) 533-5725

Ventura County (56)

(888) 472-4463

Yolo County (57)

(855) 278-1594

Yuba County (58)

(877) 652-0739